



## ORAS NA PARA SA IYONG *3-buwang Pansunod na Pagpapasuri ng TB sa balat para malaman kung may TB*

### ***Kung negatibo ang resulta ng pagsusuri sa akin sa unang pagkakataon, bakit kailangan kong muling magpasuri?***

Ang katawan ay nangangailangan ng 2-10 linggo bago makatugon sa pagsusuri ng balat para malaman kung may TB matapos na makalanghap ka ng mga mikrobyo ng tuberkulosis.

Lubhang mahalaga na magpasuri kang muli tatlong buwan pagkaraan ng huli mong pakikisalamuha sa isang taong maaaring makahawa. Ito ang titiyak kung mayroong mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan.

Kung negatibo ang resulta nitong pangalawang pagsusuri ng balat at ang sistemang panlaban ng iyong katawan sa sakit ay maayos na gumagana, malamang na wala kang impeksyon ng TB.

Kung positibo ang resulta nitong pangalawang pagsusuri ng balat, ikaw ay talagang may impeksyon ng TB. Maaari ka nang gamutin para sa impeksyong ito, at kailangan mo rin ng rayos-ekis sa dibdib.

Bumalik sa iyong doktor o sa klinika para sa isa pang pagsusuri ng balat. Ipagbigay-alam sa kanila na may nakasama kang taong may sakit na TB at kailangan mo ng tatlong-buwang pansunod na pagsusuri ng balat.

*Kung mayroon kang mga katanungan, mangyaring tawagan ang iyong nars ng pampublikong kalusugan o tawagan ang Programa sa TB ng kagawaran ng kalusugan sa (619) 692-8620.*

Nars ng Pampublikong Kalusugan: \_\_\_\_\_

Numero ng Telepono: \_\_\_\_\_

*Maaaring kuwalipikado ka sa mga benepisyong Medi-Cal. Ang mga taong may impeksyon ng TB o may sakit na TB ay maaaring maging kuwalipikado rin sa TB-Cal. Upang malaman kung nararapat kang tumanggap ng mga benepisyo at upang humiling ng pakete ng kaalaman at aplikasyon, mangyaring tumawag sa 1-858-514-6885. Tinatanggap ang mga tawag na "collect."*